Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

Vol.28 | 2022.10

# Ota City Navigation

## 【Gaganapin ang "Ota Fureai Festa 2022"!】

### Gaganapin ang pinakamalaking kaganapan sa Lungsod ng Ota ngayong taon na "OTA Fureai Festa".

● **Water Area (Boat Race Heiwajima)**

Ang area na ito ay para sa pagbebenta ng produkto ng mga restawran na kumakatawan sa lungsod at mga lokal na specialities ng mga bawat lugar sa lungsod.

● **Sun Area (Heiwajima Park)**

Ang area na ito ay para sa maaaring mag-enjoy ang mga bata, tulad ng pagtatanghal ng trak ng bumbero at mini trains.

Ngayong taon, gaganapin ito sa mas maliit na sukat. Bilang hakbang upang maiwasan ang paglaganap ng COVID-19, ang mga stage events at mga atraksyon nap uno ng tao ay kakanselahin. Hinihingi namin ang iyong pag-unawa at pakikipagtulungan.



Nobyembre 5 (Sabado) at 6 (Linggo), 2022
Mula 10:00 am hanggang 4:00 pm sa parehong araw　Ipagpapatuloy ito umulan man o maaraw

Water Area (Boat Race Heiwajima　1-1-1 Heiwajima, Ota-ku)
Sun Area (Heiwajima Park　4-2-2 Heiwajima, Ota-ku)

Bayad para sa pagpasok: Libre

Cultural Promotion Section　Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226　　FAX 03-5744-1539
E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp



# 【Tungkol sa pagbabakuna para sa COVID-19】

Nagsasagawa kami ng pagbabakuna para sa COVID-19 sa Lungsod ng Ota. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa "Tanggapan ng aplikasyon (Saan makikipag-ugnay)" Para sa mga pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbabakuna, mangyaring kumpirmahin ang website ng Lungsod ng Ota.




Ota City Novel Coronavirus Vaccination Call Center
☎ 03-6629-6342
(Mula Lunes hanggang Sabado, mula 8:30 am hanggang 5:15 pm *Maliban sa Linggo at Holiday)
Ota City COVID-19 Vaccine Multilingual Interpretation Service (tumutulong kami sa pagkuha ng appointment)
☎ 03-6436-4731
(Mula Lunes hanggang Sabado, mula 8:30 am hanggang 5:15 pm *Maliban sa Linggo at Holiday)

# 【Mangyaring makipagtulungan para sa survey sa kondisyon ng multiculturalism】

Ito ay survey upang ipakita ang mga intensyon ng mga residente ng lungsod sa mga hakbang para sa multiculturalism. Ipapadala naming ang talatanungan sa 4,500 random na piniling mga tao na nasa edad 18 o mas matanda pa. Kung natanggap mo ang talatanungan mula sa lungsod, mangyaring siguraduhing tumugon sa pamamagitan ng self-addressed envelope o sa web. Ipaalam sa amin ang iyong opinyon!



Mula Oktubre 12 (Miyerkules) hanggang Oktubre 31 (Lunes)

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227
FAX 03-5744-1323
E-mail t-kokusai@city.ota.tokyo.jp

# 【Konsultasyon sa tanggapan at konsultasyon sa telepono sa Childcare Services Advisor】

Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga pasilidad sa pangangalaga ng bata at magbibigay ng konsultasyon tungkol sa pangangalaga ng bata. Kung balak niyong ipasok sa daycare ang iyong anak at mayroon kang mga konsultasyon tungkol sa edad na maaaring pumasok at mga katangian ng iba't ibang pasilidad sa pangangalaga ng bata, paraan ng aplikasyon, atbp., mangyaring makipag-ugnay sa amin.

○ Konsultasyon sa tanggapan: Mangyaring tumawag sa tanggapan ng aplikasyon at mag-set ng araw at oras para sa appointment.
○ Konsultasyon sa telepono: Mangyaring tumawag sa Childcare Services Advisor (walang appointment)

Mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa Pampublikong Holiday) Oras ng konsultasyon mula 8:30 am hanggang 4:00 pm

Nursery Services Division Ika-3 palapag ng Ota City Office

Para sa konsultasyon sa tanggapan, mangyaring tumawag sa tanggapan ng aplikasyon at mag-set ng araw at oras para sa appointment

Nursery Usage Support Section Nursery Services Division
Childcare Services Advisor
Ika-3 palapag ng Ota City Office
☎ 03-5744-1617
FAX 03-5744-1715

# 【Tungkol sa pagbabayad ng resident tax】

Ang ikatlong deadline para sa pagbabayad ng special ward tax/metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Oktubre 31. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Ang ika-apat na deadline ng pagbabayad ay sa Enero 31, 2023. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tignan ang website ng Lungsod ng Ota.

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205
FAX 03-5744-1517

## 【Aplikasyon para makapasok sa munisipal na mababang at gitnang paaralan ang mga dayuhang nasyonalidad na bata】

Ang mga dayuhang nasyonalidad na bata na gustong pumasok sa munisipal na mababang at gitnang paaralan sa Abril 2023 ay kailangan mag-apply para sa pagpasok. Balak naming ipadala ang impormasyon para sa pagpasok sa mga karapat-dapat na tao sa unang bahagi ng Oktubre.


(Mga karapat-dapat na tao)

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2016 hanggang Abril 1, 2017 (mga papasok sa mababang paaralan)

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2010 hanggang Abril 1, 2011 at inaasahang makakapagtapos sa munisipal na mababang paaralan (mga papasok sa gitnang paaralan)

*Kabilang din ang mga batang ipinanganak bago ang edad na bagong pasok sa gitnang paaralan, mas mababang baitang, at kasalukuyang nasa ika-6 na baitang sa munisipal na mababang paaralan.

*Kung lumampas na sa deadline ng pagpasa ng aplikasyon dahil sa mga pangyayari, mangyaring makipag-ugnayan sa School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division.




**Ipapadala namin ang gabay para sa pagpasok sa paaralan sa brown na sobre.**

Ang deadline ay sa Oktubre 24, 2022

Ang mga tagapag-alaga ay dapat dalhin ang kanilang residence card o special permanent resident certificate sa tanggapan ng aplikasyon at pumunta sa opisina upang isagawa ang mga pamamaraan.

School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division (Ika-5 palapag ng Nissay Aroma Square)




School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division
☎ 03-5744-1429
FAX 03-5744-1536

## 【Impormasyon sa mababang paaralan para sa mga dayuhang nasyonalidad na tagapag-alaga】

Ang "Impormasyon sa mababang paaralan para sa mga dayuhang nasyonalidad na tagapag-alaga" ay booklet na nagpapaliwanag ng tungkol sa mababang paaralan sa Lungsod ng Ota sa paraang madaling maunawaan para sa mga dayuhang magulang. Mayroon itong mga illustration ng "1 taon sa mababang paaralan", "1 araw sa paaralan", "Ano ang gagawin ng mga tagapag-alaga", "Ano ang mga dapat ihanda bago pumasok sa paaralan". Mayroon din itong mga paraan ng pagbasa ng "mga salita na ginagamit sa paaralan" at ibig sabihin nito, kaya maaari niyong gamitin ito bilang diksyunaryo. Availableito sa 6 na wika (wikang madaling Hapon, Ingles, Intsik, Tagalog, Nepalese, at Vietnamese) at maaari itong ma-download nang libre mula sa website ng GOCA.




Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail mail@ota-goca.or.jp

Kung may mga bagay ka na hindi maunawaan, mangyaring magtanong sa Global City Ota Cooperation Association Multilingual Consultation Desk.
Contact Information ☎ 03-6424-4924 4-16-8, Kamata, Ota-ku Ika-2 palapag ng Ota International Exchange Center

···· Kailan ···· Magkano ···· Ilang tao ···· Paano mag-apply ···· Saan ···· Mag-apply sa ···· Makipag-ugnay sa

# Taglagas ang pinakamagandang panahon para sa sports



## 【"Internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Ota Sports" (Futsal)】

Bakit hindi mo subukan ang internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng sports? Gaganapin ang "Internasyonal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Ota Sports" (Futsal ⚽) upang hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng mga kabataang Hapon at dayuhan na nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Lungsod ng Ota. Halika't lampasan natin ang hadlang sa nasyonalidad at wika, at tamasahin ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng sports♪ Maaaring lumahok ang mga mahilig sa Futsal, mga baguhan sa Futsal, o mga hindi magaling sa sports!



- Disyembre 11, 2022 (Linggo) mula 1:00 pm hanggang 4:00 pm
- Showajima 2 Chome Park Futsal Field, Youth Soccer Field (plano)
- Libre　　Mga 15 katao
- Website ng Global City Ota Cooperation Association (GOCA)

Global City Ota Cooperation Association
〒144-0052　4-16-8 Kamata, Ota-ku 2F
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp



Inisyu ng　Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-0052 Ota International Exchange Center (Minto Ota) Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku, Tokyo
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.